ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

# SOSYO-KULTURAL NA PAGSUSURI NG MGA TRADISYON: BATAYAN SA PAGPAPAUNLAD NG KULTURANG PANITIKAN

**Roselyn N. Rico[1], Dan M. Dagatan[2]**
*[1]Domingo Lacson National High School, [2]La Carlota City College, Philippines*

## ABSTRAK

*Sinuri sa pag-aaral na ito ang mga tradisyong Bacolodnon sa sosyo-kultural na perspektiba bilang batayan sa pagpapaunlad ng kulturang panitikan. Partikular na tinukoy nito ang mga pagpapahalaga, paniniwala, at pananaw sa buhay na nakapaloob sa mga umiiral na tradisyon; ipinaliwanag ang ambag ng mga ito sa pagpapaunlad ng lokal na panitikan; at nakabuo ng mungkahing programa na maaaring magamit sa pagtuturo ng Panitikang Filipino. Ginamit sa pananaliksik na ito ang kwalitatibong disenyo na may pinomenolihikal na pagdulog. Nakalap ang mga datos sa pamamagitan ng semi-structured interview sa mga piling kalahok mula sa Barangay Granada at Barangay Sum-ag, Lungsod ng Bacolod, na isinagawa sa buwan ng Mayo, taong 2026. Sinuri ang mga nakalap na impormasyon gamit ang tematikong analisis upang matukoy ang mga pangunahing tema ng pag-aaral. Natuklasan na ang mga tradisyong Bacolodnon ay nagsisilbing daluyan ng mahahalagang pagpapahalaga tulad ng bayanihan, pananampalataya, paggalang, pagkakaisa, at kolektibong pananagutan na nagpapatibay sa pagkakakilanlan ng komunidad. Lumitaw din na ang lokal na kasaysayan, tradisyong pasalita, at wikang Hiligaynon ay mahalagang sanggunian sa paglikha, pagpapanatili, at pagpapalaganap ng lokal na panitikan. Iminungkahi rin ng mga kalahok ang pagpapatibay ng dokumentasyon ng mga tradisyon, pagsasagawa ng mga seminar at pagawaan, pagbuo ng mga kontekstuwalisadong kagamitang pampagtuturo, integrasyon ng panitikang Bacolodnon sa kurikulum, paggamit ng mga digital na plataporma, at mas malawak na pakikipagtulungan ng mga paaralan, lokal na pamahalaan, at mga institusyong pangkultura upang higit na mapaunlad ang kulturang panitikan.*

**KEYWORDS**: *Tradisyong Bacolodnon; Sosyo-kultural na Perspektiba; Kulturang Panitikan; Panitikang Filipino; Tradisyong Pasalita; Wikang Hiligaynon; Lokal na Panitikan; Kontekstuwalisadong Pagtuturo.*

## INTRODUKSYON

Ang mga tradisyon ay mahalagang bahagi ng pagkakakilanlan ng isang pamayanan dahil dito naipapasa ang mga paniniwala at pagpapahalagang humuhubog sa kultura at panitikan. Ayon kay Casinto (2022), ang mga tradisyong pasalita ay nagsisilbing salamin ng kolektibong pagkatao ng komunidad kaya nararapat itong pag-aralan at pangalagaan. Sinusuportahan ito ng Kagawaran ng Edukasyon sa pamamagitan ng DepEd Order Blg. 2, Serye ng 2015 na nagtataguyod ng lokalisasyon upang maging mas madali at makabuluhan ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Pinalalakas naman ito ng DepEd Order Blg. 4, Serye ng 2022 na nagsasaad na ang pagsasama ng lokal na yaman at kaugalian ay mahalagang hakbang upang maging angkop at may kabuluhan ang kurikulum. Sa kabila ng mga patakarang ito, unti-unting nanganganib ang mga tradisyon dulot ng modernisasyon, globalisasyon, at pagliit ng interes ng kabataang henerasyon. Binigyang-diin ni Casinto (2022) na maaari itong tuluyang mawala kung hindi isasailalim sa masusing pag-aaral at dokumentasyon. Ayon kina Hasan, Chowdhury, at Wakil (2022), mahalaga ang pakikilahok ng komunidad sa pangangalaga ng pamana, ngunit karamihan sa mga naunang pag-aaral ay nakatuon lamang sa pag-iingat nito at hindi sa pagsusuri ng kanilang gamit sa pagpapaunlad ng panitikan at edukasyon.

Sa pagsusuri ng mga kaugnay na literatura, lumilitaw na karamihan sa mga pag-aaral ay nakatuon sa dokumentasyon at konserbasyon ng mga tradisyon. Nananatiling limitado ang mga pananaliksik na gumagamit ng sosyo-kultural na pagdulog upang masuri ang mga lokal na tradisyon at maipakita ang kanilang ambag sa pagpapaunlad ng kulturang panitikan. Higit na kakaunti ang mga pag-aaral na nag-uugnay sa mga natuklasang sosyo-kultural na elemento tungo sa pagbuo ng mga batayang maaaring magamit

Dahil dito, isinagawa ang pag-aaral na ito upang suriin ang mga lokal na tradisyon at matukoy ang kanilang halaga sa pagpapaunlad ng kulturang panitikan. Layunin nitong punan ang kakulangan sa umiiral na pananaliksik at makapagbigay ng kapaki-pakinabang na batayan para sa pagpapanatili at tamang pagsasama ng kulturang ito sa mga gawain sa paaralan, alinsunod sa mga itinakdang alituntunin ng Kagawaran ng Edukasyon.

Konseptwal na Balangkas

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa Sosyo-Kultural na Pagsusuri ng mga Tradisyon bilang Batayan sa Pagpapaunlad ng Kulturang Panitikan. Batay sa layunin ng pag-aaral at batay sa nagging resulta nito, nabuo ang konseptwal na balangkas na nagpapakita ng ugnayan ng mga pangunahing konsepto ng pag-aaral.

### Paglalahad ng Suliranin

Layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang mga tradisyon sa sosyo-kultural na perspektiba bilang batayan sa pagpapaunlad ng kulturang panitikan. Sa pangkalahatan, hinahangad nitong maunawaan kung paano nakapaloob sa mga tradisyon ang mga pagpapahalaga, paniniwala, at pananaw sa mundo na maaaring magsilbing pundasyon ng kontemporaryong panitikan.

1. Partikular, sasagutin ng pag-aaral ang sumusunod na mga tanong:

2. Ano-anong mga pagpapahalagang panlipunan ang naipakikita sa mga tradisyong Bacolodnon?
3. Paano nagsisilbing batayan ang mga tradisyong Bacolodnon sa pagpapaunlad ng lokal na panitikan at sa pagpapalaganap ng kulturang Bacolodnon sa pambansang konteksto?
4. Anong programang maimumungkahi sa pagpapaunlad ng lokal na panitikan at pagtuturo ng Panitikang Filipino?

## METODOLOHIYA

Gumamit ang pag-aaral ng kwalitatibong disenyo sa pamamagitan ng pinomenolohikal na pagdulog upang maunawaan ang mga buhay na karanasan, pagpapahalaga, paniniwala, at pananaw ng mga tagapagdala ng kulturang Bacolodnon hinggil sa pagpapanatili at pagpapaunlad ng panitikang lokal. Kalahok sa pag-aaral ang sampung residente mula sa Barangay Sum-ag at Barangay Granada, Lungsod ng Bacolod, na pinili sa pamamagitan ng purposive sampling batay sa kanilang mahabang paninirahan, kaalaman, at direktang karanasan sa mga tradisyon at kasaysayan ng komunidad. Kabilang sa mga kalahok ang mga guro, lider ng komunidad, dating opisyal ng barangay, boluntaryo ng simbahan, negosyante, at matatagal nang residente. Ginamit bilang pangunahing instrumento ang researcher-made semi-structured interview guide na sinuri ng mga dalubhasa upang matiyak ang kalinawan at kaangkupan ng mga tanong. Isinagawa ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng malalim at may gabay na panayam na tumagal nang humigit-kumulang 45 hanggang 60 minuto, na may pahintulot ng mga kalahok para sa audio recording. Ang mga panayam ay isinailalim sa verbatim transcription, interview refinement review, at member checking upang mapanatili ang katumpakan at kredibilidad ng datos. Sinuri ang mga nakalap na datos gamit ang Reflexive Thematic Analysis nina Braun at Clarke (2022), na kinabibilangan ng familiarization with the data, coding, pagbuo ng paunang tema, pagrerepaso at pagpipino ng mga tema, pagbibigay ng pangalan sa mga tema, at pagsulat ng mga natuklasan. Isinaalang-alang din ang mga prinsipyong etikal sa pamamagitan ng informed consent, paggamit ng codes o pseudonyms, pagpapanatili ng pagiging kumpidensiyal ng impormasyon, secure na pag-iimbak ng datos, at paggalang sa karapatan ng mga kalahok na umatras sa pag-aaral anumang oras.

## RESULTA

### Tema 1: Pagpapahalagang Panlipunan sa Pamamagitan ng mga Tradisyong Bacolodnon

Lumitaw sa pagsusuri ng mga panayam na ang mga tradisyong Bacolodnon ay nagsisilbing mahalagang mekanismo sa paghubog ng mga pagpapahalagang panlipunan ng mga mamamayan. Hindi lamang ito mga nakaugaliang pagdiriwang o ritwal na taunang isinasagawa, kundi mga gawaing nagpapatatag sa ugnayan ng pamilya, nagpapalalim sa pakikipagkapwa, nagpapasigla sa diwa ng bayanihan, at humuhubog sa mga pagpapahalagang moral at espiritwal ng komunidad. Ang mga natuklasang ito ay nagpapakita na ang kultura ay nananatiling buhay dahil ito ay patuloy na isinasabuhay ng mga mamamayan sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay.

Mula sa pagsusuri ng mga datos, nabuo ang tatlong subtema: (1) Pagpapahalaga sa Kapistahan at Pagkakabuklod ng Pamilya; (2) Bayanihan at Pakikipagtulungan sa Pamayanan; at (3) Paglinang ng Pagpapahalagang Moral at Pananampalataya.

### Subtema 1.1: Pagpapahalaga sa Kapistahan at Pagkakabuklod ng Pamilya

Isa sa pinakamatingkad na natuklasan ng pag-aaral ay ang mahalagang papel ng mga tradisyong Bacolodnon sa pagpapatibay ng ugnayang pampamilya. Batay sa mga panayam, lumitaw na ang mga kapistahan, pagdiriwang, at iba pang gawaing pangkultura ay nagsisilbing pagkakataon upang muling magsama-sama ang mga magkakamag-anak, mapanatili ang matibay na relasyon sa loob ng pamilya, at maipasa ang mga kuwento, alaala, at pagpapahalaga mula sa matatandang henerasyon tungo sa mga nakababata.

Makikita ito sa mga sumusunod na pahayag ng mga kalahok.

Conversation Partner 1(CP1)
*"Ahh, sa akon gid ya, ang pinaka makita ko nga tradisyon nga nagapakita sang pagpalangga sa pamilya amo gid ang pista."*

Conversation Partner 2(CP2)
*"Actually, what comes to mind is not just the fiesta itself but the way family stories are passed on during gatherings."*

Binigyang-diin ni CP3 ang aktibong pakikilahok ng pamilya sa mga gawaing pangkomunidad sa pagsasabing,

Conversation Partner 3(CP3)
*"During the Patronal Fiesta kag Banaag sa Sum-ag Festival, damo gid nga pamilya ang naga-upod sa activities."*

Samantala, ibinahagi ni CP4 ang isang kaugaliang isinasabuhay sa panahon ng pista:

Conversation Partner 4(CP4)
*"Kon may piyesta, indi pwede nga wala ka kaagi sa balay sang imo tiya, tiyo, ukon kumare."*

Ganito rin ang obserbasyon ni CP5:

Conversation Partner 5(CP5)
*"Kahit ang mga kamag-anak na nasa ibang lugar ay umuuwi para makiisa sa selebrasyon."*

Idinagdag naman ni CP6 ang kahalagahan ng sama-samang paghahanda at pagtanggap sa mga panauhin:

Conversation Partner 6(CP6)
*"Tuwing kapistahan, nagluluto ang bawat bahay at inaanyayahan ang lahat ng kamag-anak at kaibigan."*

Ipinahayag din ni CP7 ang papel ng mga lokal na pagdiriwang sa muling pagsasama-sama ng mga pamilya:

Conversation Partner 7(CP7)
*"Ang Fiesta ng Granada tuwing Pebrero at ang Pasigabong Festival tuwing Abril, dito nagtitipon ang mga pamilya at taga baryo."*

Ganito rin ang sinabi ni CP8:

Conversation Partner 8(CP8)
*"Bisan ang mga nagapangabuhi na sa iban nga lugar, nagauli gid kon may importante nga okasyon."*

Sinang-ayunan ito ni CP9 sa pagsasabing,

Conversation Partner 9(CP9)
*"Bisan ang mga nagatrabaho na sa layo nga lugar nagauli gid para makaupod sa pamilya."*

Sa kabilang banda, pinalawak pa ni CP10 ang saklaw ng mga tradisyong nagpapatatag sa pamilya nang sabihin niyang,

Conversation Partner 10(CP10)
*"Kon may Pasko, Bag-ong Tuig, pista ukon may importante nga okasyon sa pamilya, nagapaninguha gid ang tanan nga makaupod."*

Makikita sa mga pahayag ng mga kalahok ang iisang pananaw na ang mga tradisyong Bacolodnon ay nagsisilbing mahalagang mekanismo sa pagpapatibay ng ugnayang pampamilya. Bagama't magkakaiba ang mga halimbawa na kanilang ibinahagi, lahat ay tumutukoy sa iisang diwa—ang mga tradisyon ay lumilikha ng pagkakataon upang magsama-sama ang pamilya, mapanatili ang kanilang relasyon, at maipagpatuloy ang mga kaugaliang nagpapalakas ng kanilang pagkakaisa.

Kapansin-pansin na binigyang-diin nina CP1, CP5, CP8, at CP9 ang pag-uwi ng mga kamag-anak bilang isang mahalagang pagpapakita ng pagmamahal at pagpapahalaga sa pamilya. Samantala, ipinakita naman nina CP2, CP4, at CP6 na ang pagkukuwentuhan, pagdalaw sa mga kamag-anak, at sama-samang pagkain ay nagsisilbing paraan upang mapanatili ang matibay na ugnayan ng bawat miyembro ng pamilya. Idinagdag pa nina CP3, CP7, at CP10 na ang mga lokal na pista, festival, at iba pang mahahalagang okasyon ay nagsisilbing pagkakataon upang makapagtipon hindi lamang ang pamilya kundi maging ang buong pamayanan.

Ipinahihiwatig ng mga natuklasang ito na ang mga tradisyong Bacolodnon ay hindi lamang simpleng mga pagdiriwang o ritwal na isinasagawa taun-taon. Sa halip, nagsisilbi silang mga institusyong panlipunan na nagpapatatag sa ugnayang pampamilya at nagpapanatili ng kolektibong identidad ng komunidad. Ang paulit-ulit na pagsasagawa ng mga tradisyong ito ay nagiging daan upang maipasa sa mga nakababatang henerasyon ang mga kuwento ng pamilya, mga pagpapahalaga, at mga kaugaliang bumubuo sa kanilang pagkakakilanlan bilang mga Bacolodnon. Sa ganitong paraan, ang pamilya ay nananatiling pangunahing tagapag-ingat ng kultura at tradisyon.

Ang interpretasyong ito ay umaayon sa mga banyagang literatura nina Jamil at Zubair (2025) na nagsasabing ang mga tradisyong pangkultura ay nagsisilbing sisidlan ng kolektibong alaala at pagkakakilanlan ng isang pamayanan sapagkat dito naipapasa ang mga paniniwala, pagpapahalaga, at kasaysayan sa susunod na salinlahi. Gayundin, binigyang-diin ni Elsayed (2024) na ang pamilya ang pangunahing institusyong humuhubog sa mga pagpapahalagang panlipunan at higit na nagiging mabisa ang pagkatuto kapag ito ay isinasabuhay sa loob ng tahanan at pinatitibay ng mga gawaing pangkomunidad.

Sa lokal na konteksto, sinusuportahan ito ng Bacolod City Government (2018) na nagsasaad na ang mga makasaysayang barangay ng Bacolod ay nagpapanatili ng kanilang pagkakakilanlan sa pamamagitan ng mga kapistahan at gawaing pangkomunidad. Gayundin, binigyang-diin ni Bernaldez (2024) na ang mga lokal na festival ay nagsisilbing mahalagang mekanismo ng *intergenerational transmission* sapagkat sa mga pagdiriwang na ito naipapasa ang kultura, kasaysayan, at mga pagpapahalagang panlipunan sa mga kabataan. Ang mga natuklasan ng kasalukuyang pag-aaral ay nagpapatunay na ang mga tradisyong Bacolodnon ay nananatiling mahalagang salik sa pagpapatibay ng ugnayang pampamilya at sa pagpapatuloy ng kolektibong identidad ng komunidad.

**Subtema 1.2 Pakikipagtulungan at Bayanihan sa Pamayanan**

Isa pang mahalagang subtema na lumitaw sa pagsusuri ng mga panayam ay ang pakikipagtulungan at bayanihan sa pamayanan. Ipinakikita ng mga kalahok na ang diwa ng bayanihan ay nananatiling buhay sa mga komunidad ng Sum-ag at Granada sa pamamagitan ng sama-samang pagtutulungan sa iba't ibang gawaing panlipunan, pangkultura, pang-edukasyon, at maging sa panahon ng pangangailangan. Para sa mga kalahok, ang bayanihan ay hindi lamang isang kaugaliang minana mula sa mga ninuno kundi isang pagpapahalagang patuloy na isinasabuhay sa araw-araw na pamumuhay ng mga Bacolodnon.

Makikita ito sa mga sumusunod na pahayag ng mga kalahok.

Ayon kay CP1,

Conversation Partner 1(CP1)
*"Halimbawa bala kon may patay sa silingan, may mga tawo nga wala man ginpangabay pero maabot para magbulig magluto, magpahulam sang tent, ukon magbantay."*

Ipinakikita ng pahayag na ito na ang pagtutulungan ay kusang-loob na naipapamalas lalo na sa panahon ng pagdadalamhati. Hindi kinakailangang hingin ang tulong sapagkat ang mga mamamayan mismo ang nagkukusang magbigay ng kanilang oras, lakas, at anumang maitutulong sa pamilyang nangangailangan.

Ganito rin ang ibinahagi ni CP2 hinggil sa pagtutulungan sa larangan ng edukasyon:

Conversation Partner 2(CP2)
*"For example, kon may Brigada Eskwela, parents, teachers, kag community members work together."*

Samantala, binigyang-diin ni CP3 ang aktibong partisipasyon ng mga kabataan sa mga gawaing pangkomunidad sa pagsasabing,

Conversation Partner 3(CP3)
*"During the Banaag sa Sum-ag Festival, damo nga youth organizations ang naga-volunteer."*

Sa kabilang banda, inilahad ni CP4 ang tradisyunal na anyo ng bayanihan sa pagtatayo ng bahay:

Conversation Partner 4(CP4)
*"Kon may balay nga ginatukod, ang silingan naga-upod gid."*

Ipinahayag naman ni CP5 ang simpleng paglalarawan ng diwang ito sa pagsasabing,

*"Maraming tao ang kusang tumutulong."*

Samantala, sinabi ni CP6 na ang tunay na diwa ng bayanihan ay higit na nakikita sa panahon ng sakuna:

Conversation Partner 6(CP6)
*"Pagdating ng kalamidad, dito naipapakita ang bayanihan."*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

Kaugnay nito, ibinahagi ni CP7 ang sama-samang paghahanda ng komunidad para sa mga lokal na pagdiriwang:

Conversation Partner 7(CP7)
*"Pinaghahandaan talaga ng mga taga Granada ang Pasigabong Festival kaya nagtutulungan ang mga opisyal at mamamayan."*

Binigyang-kahulugan naman ni CP8 ang bayanihan bilang bahagi na ng pamumuhay ng mga mamamayan:

Conversation Partner 8(CP8)
*"Ang bayanihan indi lang isa ka tradisyon kundi isa gid ka pamaagi sang pagpangabuhi."*

Idinagdag pa ni CP9 na ang pagtutulungan ay hindi lamang sa pamamagitan ng pisikal na paggawa kundi maging sa pagbibigay ng iba't ibang uri ng suporta:

Conversation Partner 9(CP9)
*"Ang mga pumuluyo nagaambag sang oras, kusog kag resources."*

Sa wakas, muling pinagtibay ni CP10 ang kahalagahan ng bayanihan sa panahon ng kagipitan sa pagsasabing,

Conversation Partner 10(CP10)
*"Kon may pamilya nga nasunugan ukon may napatyan, ang mga tawo nagaabot dayon para magbulig."*

Makikita sa mga pahayag ng mga kalahok na ang konsepto ng bayanihan ay hindi nalilimitahan sa isang partikular na gawain o okasyon. Sa halip, ito ay naisasabuhay sa iba't ibang aspeto ng buhay sa komunidad. Ipinakita nina CP1 at CP10 ang bayanihan sa panahon ng pagdadalamhati at sakuna, kung saan kusang-loob na tumutulong ang mga mamamayan sa mga pamilyang nangangailangan. Samantala, ipinakita nina CP2, CP3, at CP7 na ang pagtutulungan ay mahalagang bahagi rin ng mga gawaing pang-edukasyon at pangkultura, gaya ng Brigada Eskwela, Banaag sa Sum-ag Festival, at Pasigabong Festival. Inilarawan naman nina CP4, CP5, CP8, at CP9 ang bayanihan bilang isang pang-araw-araw na pagpapahalaga na makikita sa pagtatayo ng bahay, pagbibigay ng oras, lakas, at iba pang yaman para sa kapakanan ng komunidad.

Ipinahihiwatig ng mga natuklasang ito na ang bayanihan ay nananatiling isang mahalagang salik sa pagpapanatili ng social cohesion o pagkakaisa ng pamayanan. Ang kusang-loob na pagtutulungan ay nagpapakita ng mataas na antas ng pagtitiwala, malasakit, at kolektibong pananagutan ng mga mamamayan. Hindi ito ginagawa dahil sa obligasyon o kapalit na gantimpala, kundi bunga ng paniniwalang ang bawat isa ay may pananagutang tumulong sa kapwa at sa buong komunidad. Sa ganitong paraan, ang bayanihan ay nagiging pundasyon ng matatag na ugnayang panlipunan at nagpapatibay sa kolektibong identidad ng mga Bacolodnon.

Ang interpretasyong ito ay umaayon sa Bacolod City Disaster Risk Reduction and Management Plan (2026–2028) na nagsasaad na ang katatagan ng lungsod ay nakasalalay sa aktibong pakikilahok at sama-samang pagkilos ng komunidad sa pagtugon sa iba't ibang hamon at sakuna. Gayundin, ipinakita nina Li et al. (2022) na ang aktibong pakikilahok ng mga mamamayan sa mga gawaing pangkultura at pangkomunidad ay lumilikha ng social value creation na nagpapatatag sa sama-samang pananagutan at pagkakaisa ng lipunan. Sinusuportahan din ito nina Pajarrianto et al. (2022) at Harahap at Hamka (2023) na kapwa nagbigay-diin na ang mga lokal na tradisyon ay nagpapalakas ng kooperasyon, pagtutulungan, at mapayapang ugnayan sa loob ng komunidad. Ang mga pag-aaral na ito ay nagpapakita na ang bayanihan ay hindi lamang isang katangiang makikita sa kulturang Pilipino kundi isang unibersal na pagpapahalagang kinikilala sa iba't ibang lipunan bilang mahalagang salik sa pagpapanatili ng matatag at matatagumpay na pamayanan.

Sa lokal na konteksto, ang mga natuklasan ay umaayon din sa mga literatura hinggil sa mga tradisyon ng Bacolod. Ipinakikita sa mga lokal na pag-aaral na ang mga kapistahan, festival, at iba pang gawaing pangkomunidad sa Sum-ag at Granada ay hindi lamang mga pagdiriwang kundi mga pagkakataon upang maisabuhay ang diwa ng pagtutulungan, bolunterismo, at pakikilahok ng iba't ibang sektor ng pamayanan. Sa pamamagitan ng sama-samang paghahanda at aktibong partisipasyon ng mga mamamayan, napananatili ang pagkakaisa ng komunidad at naipapasa ang pagpapahalaga sa bayanihan sa mga nakababatang henerasyon.

**Subtema 1.3 Paglinang ng mga Pagpapahalagang Moral at Pananampalataya**

Isa pang mahalagang subtema na lumitaw sa pagsusuri ng mga panayam ay ang paglinang ng mga pagpapahalagang moral at pananampalataya. Ipinakikita ng mga kalahok na ang mga tradisyong Bacolodnon ay hindi lamang naglalayong mapanatili ang mga kaugalian at pagdiriwang ng komunidad kundi nagsisilbi ring daluyan ng paghubog ng mabubuting asal, pananampalataya sa Diyos, paggalang sa kapwa, at iba pang pagpapahalagang moral. Sa kanilang pananaw, ang patuloy na pakikilahok sa mga pista, relihiyosong pagdiriwang, at iba pang gawaing pangkultura ay nagiging mahalagang proseso ng pagkatuto ng mga pagpapahalagang nagsisilbing gabay sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay.

Makikita ito sa mga sumusunod na pahayag ng mga kalahok.
Ayon kay CP1,

Conversation Partner 1(CP1)
*"Dapat indi naton kalimtan magpasalamat sa Ginoo kag magrespeto sa aton isigkatawo."*

Ipinakikita ng pahayag na ito na ang mga tradisyong Bacolodnon ay nagsisilbing paalala sa mga mamamayan na manatiling mapagpasalamat sa Diyos at magpakita ng paggalang sa kapwa sa kabila ng mga pagsubok sa buhay.

Samantala, binigyang-diin ni CP2 ang pagpapakumbaba bilang isa sa mga pinakamahalagang pagpapahalagang natutuhan sa mga tradisyon nang sabihin niyang,

Conversation Partner 2(CP2)
*"One value nga always naga-stand out para sa akon is humility."*

Kaugnay nito, ipinahayag ni CP3 na ang pakikilahok sa mga pagdiriwang ay humuhubog din ng iba pang mahahalagang pagpapahalaga:

Conversation Partner 3(CP3)
*"It also teaches discipline, teamwork, kag respect."*

Sa kabilang banda, malinaw namang itinampok ni CP4 ang paggalang bilang pangunahing pagpapahalagang natutuhan sa mga tradisyon sa pagsasabing,

Conversation Partner 4CP4)
*"Ang una gid nga masiling ko amo ang respeto."*

Binigyang-diin naman ni CP5 ang kahalagahan ng sama-samang pagsamba bilang pagpapahayag ng pananampalataya:

Conversation Partner 5(CP5)
*"Ang pagsamba nang sabay-sabay ay pagpapakita ng pananampalataya sa Diyos."*

Samantala, iniuugnay ni CP6 ang mga tradisyon sa diwa ng pasasalamat sa pagsasabing,

Conversation Partner 6(CP6)
*"Ito ay tanda ng pasasalamat sa mga biyaya."*

Katulad nito, sinabi ni CP7 na,

Conversation Partner 7(CP7)
*"Tinuturo nito ang malalim na pananampalataya at pasasalamat."*

Pinalawak pa ni CP8 ang pananaw na ito nang kaniyang sabihin,

Conversation Partner 8(CP8)
*"Ang mga pista kag relihiyoso nga selebrasyon nagatudlo sang pagpasalamat, pagrespeto kag paghigugma sa isigkatawo."*

Idinagdag naman ni CP9 na ang mga lokal na pagdiriwang ay nagsisilbing tagapagturo ng mga mahahalagang pagpapahalaga sa buhay:

Conversation Partner 9(CP9)
*"Ang mga lokal nga selebrasyon nagatudlo sang madamo nga importante nga mga prinsipyo sa kabuhi."*

Sa wakas, pinagtibay ni CP10 ang kahalagahan ng mga pista bilang tagapaghubog ng moralidad at pananampalataya sa pagsasabing,

Conversation Partner 10(CP10)
*"Ang mga pista kag selebrasyon nagatudlo sang pagrespeto sa isigkatawo kag pagpasalamat sa Ginoo."*

Makikita sa mga pahayag ng mga kalahok ang magkakatulad na pananaw na ang mga tradisyong Bacolodnon ay nagsisilbing impormal na paaralan ng mga pagpapahalaga. Bagama't magkakaiba ang mga pagpapahalagang kanilang binigyang-diin, iisa ang mensaheng lumitaw mula sa kanilang mga karanasan. Ipinakita nina CP1, CP5, CP6, CP7, CP8, at CP10 na ang mga pista at relihiyosong pagdiriwang ay nagpapaunlad ng pananampalataya sa Diyos at pagiging mapagpasalamat sa mga biyayang natatanggap. Samantala, binigyang-diin nina CP2, CP3, at CP4 ang paghubog ng mga pagpapahalagang tulad ng pagpapakumbaba, paggalang, disiplina, at pagtutulungan, habang ipinakita naman ni CP9 na ang mga lokal na selebrasyon ay nagsisilbing gabay sa paglinang ng iba't ibang prinsipyong mahalaga sa maayos na pamumuhay.

Ipinahihiwatig ng mga natuklasang ito na ang mga tradisyong Bacolodnon ay higit pa sa mga ritwal o taunang pagdiriwang. Ang mga ito ay nagsisilbing makabuluhang mekanismo ng moral formation, kung saan ang mga mamamayan ay natututong isabuhay ang mga pagpapahalagang nagiging batayan ng kanilang pakikipag-ugnayan sa Diyos, sa kanilang pamilya, at sa kapwa. Sa pamamagitan ng sama-samang pagsamba, paghahanda sa mga kapistahan, pakikilahok sa mga relihiyosong gawain, at paggunita sa mga tradisyong pangkomunidad, patuloy na nahuhubog ang paggalang, pananagutan, disiplina, pagpapakumbaba, at malasakit sa kapwa. Dahil dito, ang mga tradisyong Bacolodnon ay hindi lamang nagpapanatili ng kulturang lokal kundi nagsisilbi ring mahalagang instrumento sa pagpapanatili ng moral na kaayusan at pagkakaisa ng pamayanan.

Ang interpretasyong ito ay umaayon sa banyagang literatura nina Burga at Damopolii (2022) na nagsasabing ang mga lokal na tradisyon ay mabisang daluyan ng paghubog ng mga pagpapahalagang tulad ng paggalang, dignidad, at pagmamahal sa kapwa. Gayundin, binigyang-diin ni Ajitoni (2024) sa pilosopiyang *Ubuntu* na ang pagkatao ng tao ay nahuhubog sa kaniyang ugnayan sa komunidad at sa patuloy na pagsasabuhay ng mga pagpapahalagang gaya ng malasakit, paggalang, pananagutan, at pakikipagkapwa. Dagdag pa rito, ipinakita nina Hasanah et al. (2023) na ang integrasyon ng lokal na kultura at mga tradisyon sa iba't ibang gawaing panlipunan ay nakapagpapataas ng kamalayang moral at nagpapalalim sa pagpapahalaga ng mga mamamayan sa kanilang sariling kultura.

Sa lokal na konteksto, ang natuklasan ay sinusuportahan ng mga literaturang tinalakay sa Kabanata II na nagpapakita na ang mga kapistahan at relihiyosong tradisyon sa Barangay Sum-ag at Barangay Granada ay hindi lamang nagsisilbing paggunita sa kanilang mga patron at kasaysayan kundi nagiging pagkakataon din upang maisabuhay ang mga pagpapahalagang tulad ng pananampalataya, paggalang, pasasalamat, at pagmamalasakit sa kapwa. Ang sama-samang pagdalo sa mga gawaing panrelihiyon, paghahanda sa mga pista, at aktibong pakikilahok ng mga mamamayan ay nagpapatibay sa kolektibong kamalayang moral at espiritwal ng komunidad. Ang mga natuklasang ito ay umaayon din sa mga lokal na pag-aaral na nagsasabing ang mga tradisyong Bacolodnon ay nagsisilbing mahalagang salik sa pagpapatuloy ng mga pagpapahalagang bumubuo sa pagkakakilanlan ng mga mamamayan.

### Tema 2. Pagpapanatili at Pagpapalaganap ng Kulturang Bacolodnon sa Pamamagitan ng Panitikan at Wikang Hiligaynon

Lumitaw sa pagsusuri ng mga panayam na ang panitikan at wikang Hiligaynon ay kinikilala ng mga kalahok bilang mahahalagang kasangkapan sa pagpapanatili at pagpapalaganap ng kulturang Bacolodnon. Para sa kanila, ang panitikan ay hindi lamang koleksiyon ng mga akdang pampanitikan kundi isang buhay na salamin ng kasaysayan, tradisyon, at karanasan ng mga mamamayan. Sa pamamagitan ng panitikan at paggamit ng wikang Hiligaynon, naipapasa ang mga kuwento ng komunidad, mga pagpapahalaga, at lokal na pagkakakilanlan sa susunod na henerasyon. Mula sa thematic analysis, nabuo ang tatlong subtema: (1) Paggamit ng Lokal na Kuwento at Kasaysayan bilang Batayan ng Panitikan, (2) Pagpapalaganap ng Kulturang Bacolodnon sa Pamamagitan ng Panitikan, at (3) Preserbasyon at Patuloy na Paggamit ng Wikang Hiligaynon.

#### Subtema 2.1 Paggamit ng Lokal na Kuwento at Kasaysayan bilang Batayan ng Panitikan

Isa sa mga pangunahing subtema na lumitaw sa pagsusuri ng mga panayam ay ang paggamit ng lokal na kuwento at kasaysayan bilang batayan ng panitikan. Ipinakikita ng mga kalahok na ang mayamang kasaysayan, mga tradisyong pasalita, at mga karanasan ng mga mamamayan ng Sum-ag at Granada ay nagsisilbing mahalagang pinagkukunan ng inspirasyon sa paglikha ng mga akdang pampanitikan. Para sa kanila, ang mga lokal na salaysay ay hindi lamang alaala ng nakaraan kundi mga makabuluhang kuwentong dapat maisulat

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

at maipasa sa susunod na salinlahi upang mapanatili ang kultura at pagkakakilanlan ng mga Bacolodnon.
Makikita ito sa mga sumusunod na pahayag ng mga kalahok.
Ayon kay CP1,

Conversation Partner 1(CP1)
*"Damo man istorya diri sa Sum-ag nga pwede himuon nga dula. Ang mga istorya sang una parte sa pangisdaan, sa suba sang Sum-ag, kag sa pagtukod sang barangay."*

Ipinakikita ng pahayag na ito na ang kasaysayan ng barangay at ang mga karanasan ng mga unang mamamayan ay maaaring maging batayan ng mga malikhaing akda tulad ng dula at iba pang anyo ng panitikan.
Samantala, binigyang-diin ni CP2 ang kahalagahan ng paggamit ng mga lokal na kuwento sa pagtalakay ng mga kontemporaryong isyu sa pagsasabing,

Conversation Partner 2(CP2)
*"I think local stories can be used as lenses to discuss contemporary issues."*

Kaugnay nito, ipinahayag ni CP3 na marami pang mga kuwentong hindi naitatala na nararapat maisulat:

Conversation Partner 3(CP3)
*"Personally, I think damo gid sang stories diri sa Sum-ag nga wala pa naton fully na-document."*

Idinagdag naman ni CP4 ang halaga ng mga salaysay ng mga unang mamamayan ng barangay sa pagsasabing,

Conversation Partner 4(CP4)
*"May mga sugilanon sang mga mangingisda, sang pagbag-o sang barangay, sang mga pamilya nga nagpundar diri sang una."*

Sa isa pang bahagi ng panayam, mariin din niyang binigyang-diin ang pangangailangang maisulat ang sariling kasaysayan ng komunidad:

Conversation Partner 4(CP4)
*"Kinahanglan isulat naton ang aton kaugalingon nga istorya."*

Binigyang-diin naman ni CP5 ang papel ng mga lokal na kuwento sa pagpapakilala ng kultura sa kabataan:

Conversation Partner 5(CP5)
*"Maaaring gawing inspirasyon ang mga lokal na kwento upang maipakita ang kultura at kasaysayan ng Bacolod sa mga kabataan."*

Sinang-ayunan ito ni CP6 nang kaniyang sabihin,

Conversation Partner 6(CP6)
*"Nagiging inspirasyon ng mga kabataan ang mga lokal na kwento o epiko sa pagsulat ng tula."*

Samantala, iniugnay ni CP7 ang panitikan sa kasaysayang pang-ekonomiya ng lungsod sa pagsasabing,

Conversation Partner 7(CP7)
*"Ang panitikan ng Bacolod sumasalamin sa kasaysayan ng industriya ng asukal at pamumuhay ng mga lokal."*

Idinagdag pa ni CP8 ang kahalagahan ng mga lokal na salaysay bilang inspirasyon ng mga manunulat:

Conversation Partner 8(CP8)
*"Madamo gid kita sang mga sugilanon kag kasaysayan nga mahimo himuon nga inspirasyon sang mga manunulat."*

Sa kabilang banda, binigyang-diin ni CP9 na ang mga manunulat ay maaaring humango ng inspirasyon mula sa iba't ibang elemento ng lokal na kasaysayan:

Conversation Partner 9(CP9)
*"Ang mga manunulat mahimo magkuha sang inspirasyon sa mga karakter, mga panghitabo kag mga aral nga makita sa lokal nga kasaysayan kag tradisyon."*

Makikita sa mga pahayag ng mga kalahok ang magkakatulad na pananaw na ang lokal na kasaysayan at mga kuwento ng komunidad ay nagsisilbing pangunahing batis ng panitikang Bacolodnon. Ipinakita nina CP1, CP3, CP4, CP8, at CP9 ang mayamang pinagkukunan ng mga kuwento mula sa kasaysayan ng Sum-ag at Granada, kabilang ang buhay ng mga mangingisda, pag-unlad ng barangay, mga unang pamilya, mga tradisyon, at mahahalagang pangyayari sa komunidad. Samantala, binigyang-diin nina CP2, CP5, CP6, at CP7 na ang mga kuwentong ito ay hindi lamang mahalagang tala ng nakaraan kundi maaari ring gamitin upang talakayin ang mga kontemporaryong isyu, magsilbing inspirasyon sa malikhaing pagsulat, at maipakilala ang kultura at kasaysayan ng Bacolod sa mga kabataan.

Ipinahihiwatig ng mga natuklasang ito na ang panitikang Bacolodnon ay dapat mag-ugat sa tunay na karanasan at kasaysayan ng pamayanan. Ang mga lokal na salaysay ay nagsisilbing mahalagang sanggunian sa paglikha ng mga nobela, maikling kuwento, tula, dula, at iba pang anyong pampanitikan na sumasalamin sa identidad ng mga Bacolodnon. Higit pa rito, ang sistematikong pagdodokumento ng mga kuwentong ito ay mahalaga upang hindi tuluyang mawala ang mga ito sa kolektibong alaala ng komunidad. Sa ganitong paraan, ang panitikan ay nagiging daluyan ng konserbasyon ng kasaysayan at kultura habang nagbibigay rin ng inspirasyon sa mga bagong manunulat na ipagpatuloy ang pagsasalaysay ng mga karanasan ng kanilang sariling pamayanan.

Ang interpretasyong ito ay umaayon sa lokal na literatura nina Pilar (2024) at Zorc, na kapwa nagsasabing ang panitikang Hiligaynon ay nagsimula sa mayamang tradisyong pasalita at nagsisilbing tagapag-ingat ng kasaysayan, kultura, at identidad ng mga mamamayan ng Kanlurang Visayas. Binigyang-diin nila na ang mga alamat, sugilanon, komposo, daigon, at iba pang tradisyong pampanitikan ay naglalaman ng kolektibong karanasan ng mga Hiligaynon at nagsisilbing tulay sa pagpapasa ng mga pagpapahalagang panlipunan sa susunod na salinlahi.

Sa pandaigdigang konteksto, sinusuportahan din ito nina Imbang et al. (2025) at Ezema (2025) na nagsasabing ang mga oral tradition at lokal na salaysay ay mahalagang tagapag-ingat ng kasaysayan at kolektibong identidad ng isang pamayanan. Ayon sa kanila, ang pagkawala ng mga lokal na kuwento ay nagdudulot din ng paghina ng kulturang kinabibilangan nito. Kaugnay nito, ipinakita rin ni Jarin (2023) sa konsepto ng *literary engineering* ni Leoncio P. Deriada na mahalagang malinang ang mga bagong manunulat na lilikha ng mga akdang nakaugat sa lokal na kasaysayan at kultura upang matiyak ang patuloy na pag-unlad ng panitikang Hiligaynon. Ang mga pag-aaral na ito ay nagpapatibay sa natuklasan ng kasalukuyang pananaliksik na ang lokal na kuwento at kasaysayan ay hindi

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

lamang dapat pangalagaan bilang tala ng nakaraan kundi dapat ding magsilbing inspirasyon sa paglikha ng mga bagong akdang pampanitikan na magpapatuloy sa pagkakakilanlan ng mga Bacolodnon.

**Subtema 2.2 Pagpapalaganap ng Kulturang Bacolodnon sa Pamamagitan ng Panitikan**

Isa sa mga mahahalagang subtema na lumitaw sa pagsusuri ng mga panayam ay ang pagpapalaganap ng kulturang Bacolodnon sa pamamagitan ng panitikan. Ipinakikita ng mga kalahok na ang panitikan ay nagsisilbing mabisang daluyan upang maipakilala, mapanatili, at maipalaganap ang kultura ng Bacolod sa mas malawak na madla. Sa kanilang pananaw, ang mga akdang pampanitikan na nakasulat sa mga libro, inilalathala sa iba't ibang plataporma, at ginagamit sa mga paaralan ay may mahalagang papel sa pagpapatuloy ng mga tradisyon, paniniwala, kasaysayan, at pagpapahalagang bumubuo sa pagkakakilanlan ng mga Bacolodnon. Sa kasalukuyang panahon, binigyang-diin din nila ang mahalagang ambag ng social media at iba pang digital na midya sa pagpapalawak ng saklaw ng lokal na panitikan.
Makikita ito sa mga sumusunod na pahayag ng mga kalahok.
Ayon kay CP1,

Conversation Partner 1(CP1)
*"Siguro pinaagi sa mga libro kag social media. Kay subong ang mga kabataan ara gid sa internet."*

Ipinakikita ng pahayag na ito na ang mga makabagong teknolohiya at digital na plataporma ay maaaring magsilbing mabisang kasangkapan upang maabot ang mas maraming kabataan at maipalaganap ang mga akdang nagpapakita ng kulturang Bacolodnon.
Samantala, binigyang-diin ni CP2 ang kakayahan ng panitikan na pagsamahin ang kasalukuyang karanasan at lokal na kultura sa pagsasabing,

Conversation Partner 2(CP2)
*"Literature can highlight present-day experiences while still reflecting local values and language."*

Kaugnay nito, sinabi ni CP3 na,

Conversation Partner 3(CP3)
*"Subong nga digital age na, I think social media can play a huge role."*

Ipinapakita ng pahayag na ito na ang social media ay hindi lamang isang kasangkapan sa komunikasyon kundi maaari ring maging mahalagang daluyan ng pagpapalaganap ng lokal na kultura at panitikan.
Sa kabilang banda, binigyang-diin ni CP4 ang papel ng edukasyon at publikasyon sa pagsasabing,

Conversation Partner 4(CP4)
*"Kon ma-publish ina kag ma-feature sa schools, mas makilala ang aton kultura."*

Ipinahayag naman ni CP5 ang kahalagahan ng mismong nilalaman ng mga akdang pampanitikan sa pagpapakilala ng kultura:

Conversation Partner 5(CP5)
*"Sa pamamagitan ng pagsulat at paglalathala ng mga akdang nagpapakita ng mga tradisyon, paniniwala at pagdiriwang ng mga Bacolodnon."*

Samantala, binigyang-pansin ni CP7 ang malaking ambag ng mga lokal na manunulat sa pagpapaunlad ng panitikan ng Bacolod:

Conversation Partner 7(CP7)
*"Ang panitikan ng Bacolod ay pinagyayaman ng mga kilalang lokal na manunulat at patuloy na nag-aambag sa pambansang panitikan."*

Idinagdag naman ni CP8 ang pangangailangang higit pang maipalaganap ang mga lokal na salaysay sa pamamagitan ng iba't ibang institusyon:

Conversation Partner 8(CP8)
*"Kinahanglan masulat kag mapalapnag ang aton mga sugilanon, tradisyon kag kasaysayan pinaagi sa mga libro kag mga programa sa eskwelahan."*

Sa wakas, binigyang-diin ni CP9 ang kahalagahan ng akademikong publikasyon sa pagpapanatili ng kultura:

Conversation Partner 9(CP9)
*"Kinahanglan mas madamo nga publikasyon kag mga pananaliksik nga nagapakita sang kultura sang Bacolod."*

Makikita sa mga pahayag ng mga kalahok ang magkakatulad na pananaw na ang panitikan ay isang makapangyarihang instrumento sa pagpapalaganap ng kulturang Bacolodnon. Ipinakita nina CP1, CP3, at CP4 ang kahalagahan ng paggamit ng mga libro, social media, at mga paaralan bilang pangunahing daluyan ng pagpapakilala ng lokal na kultura sa mas maraming mamamayan, lalo na sa mga kabataan. Samantala, binigyang-diin nina CP2, CP5, at CP7 na ang mga akdang pampanitikan ay dapat sumasalamin sa mga kontemporaryong karanasan, lokal na pagpapahalaga, tradisyon, paniniwala, at kasaysayan upang maging makabuluhan sa mga mambabasa. Idinagdag naman nina CP8 at CP9 ang pangangailangang palawakin ang produksiyon ng mga aklat, publikasyon, at pananaliksik upang higit pang mapanatili at maipalaganap ang kulturang Bacolodnon.

Ipinahihiwatig ng mga natuklasang ito na ang panitikan ay may mahalagang tungkulin hindi lamang sa pagpapanatili kundi maging sa pagpapalawak ng kamalayan tungkol sa kulturang Bacolodnon. Sa pamamagitan ng paglilimbag ng mga akda, integrasyon ng mga ito sa edukasyon, at paggamit ng mga digital na plataporma, nagiging mas malawak ang naaabot ng mga lokal na kuwento at tradisyon. Dahil dito, ang panitikan ay nagsisilbing tulay sa pagitan ng nakaraan at kasalukuyan, na nagbibigay-daan upang makilala at mapahalagahan ng mga kabataan at ng mas malawak na lipunan ang mayamang kultura ng Bacolod. Higit pa rito, ang patuloy na paglikha ng mga akdang nakaugat sa lokal na karanasan ay nag-aambag sa pagpapatibay ng pagkakakilanlang pangkultura at sa pagpapayaman ng pambansang panitikan.

Ang interpretasyong ito ay umaayon sa banyagang literatura nina Khan et al. (2024) at McGee et al. (2024) na nagsasabing ang panitikan ay isang mahalagang kasangkapan sa pagpapanatili at pagpapalaganap ng kultura sapagkat naipapahayag nito ang mga pagpapahalaga, kasaysayan, at karanasan ng isang pamayanan. Binigyang-diin din nila na ang paggamit ng mga digital platform ay nagpapalawak sa abot ng mga akdang pampanitikan at nagbibigay ng mas maraming pagkakataon upang makilala at mapahalagahan ang mga lokal na kultura ng mga kabataan at pandaigdigang mambabasa.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

Sa lokal na konteksto, sinusuportahan ito nina Jarin (2023) at Pilar (2024) na kapwa nagbibigay-diin sa kahalagahan ng patuloy na paglikha, paglalathala, at paggamit ng mga akdang Hiligaynon sa edukasyon upang mapanatili ang kasiglahan ng lokal na panitikan. Gayundin, ipinakita sa mga lokal na literatura na ang mga akdang nakaugat sa kasaysayan, tradisyon, at pamumuhay ng mga Bacolodnon ay hindi lamang nagpapayaman sa panitikang Hiligaynon kundi nagiging mahalagang daluyan din sa pagpapakilala ng kultura ng Bacolod sa pambansa at pandaigdigang antas.

**Subtema 2.3 Preserbasyon at Patuloy na Paggamit ng Wikang Hiligaynon**

Isa sa mga mahahalagang subtema na lumitaw sa pagsusuri ng mga panayam ay ang preserbasyon at patuloy na paggamit ng Wikang Hiligaynon. Ipinakikita ng mga kalahok na ang mga tradisyong Bacolodnon ay may mahalagang papel sa pagpapanatili ng paggamit ng Hiligaynon bilang pangunahing wika ng komunikasyon sa komunidad. Para sa kanila, ang mga pista, ritwal, pagtitipon, programa, at mga tradisyong pasalita ay nagsisilbing likas na pagkakataon upang magamit, maisabuhay, at maipasa ang wikang Hiligaynon sa mga susunod na salinlahi. Dahil dito, ang pagpapatuloy ng mga tradisyong ito ay kaakibat din ng pagpapanatili ng lokal na wika bilang mahalagang bahagi ng pagkakakilanlan ng mga Bacolodnon.

Makikita ito sa mga sumusunod na pahayag ng mga kalahok.
Ayon kay CP1,

Conversation Partner 1(CP1)
*"Importante gid. Kay sa mga pista, programa, kag mga estoryahanay, Hiligaynon gid ang ginagamit."*

Ipinakikita ng pahayag na ito na ang mga tradisyong pangkomunidad ay nagsisilbing natural na espasyo kung saan patuloy na ginagamit ang wikang Hiligaynon sa pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan ng mga mamamayan.
Samantala, binigyang-diin ni CP2 ang ugnayan ng tradisyon at paggamit ng wika sa pagsasabing,

Conversation Partner 2(CP2)
*"Traditions create authentic situations where language is used naturally."*

Katulad nito, sinabi rin ni CP3 na,

Conversation Partner 3(CP3)
*"Traditions create actual spaces where Hiligaynon is used naturally."*

Ipinahihiwatig ng dalawang pahayag na ang mga tradisyon ay lumilikha ng mga tunay at makabuluhang sitwasyon kung saan nagagamit ang Hiligaynon sa likas na paraan at hindi lamang sa loob ng silid-aralan.
Sa kabilang banda, ipinahayag ni CP4 ang matibay na ugnayan ng tradisyon at wika sa pagsasabing,

Conversation Partner 4(CP4)
*"Kon madula ang tradisyon, daw madula man ang kabuhi sang aton pinulungan."*

Ipinakikita ng pahayag na ito ang paniniwalang ang pagkawala ng mga tradisyon ay maaaring magdulot din ng paghina ng paggamit at pag-iral ng wikang Hiligaynon.
Binigyang-diin naman ni CP5 ang papel ng mga tradisyon sa pagpapatuloy ng paggamit ng wika sa pagsasabing,

Conversation Partner 5(CP5)
*"Nakatutulong ang mga tradisyon upang patuloy na magamit at maisalin sa susunod na henerasyon ang Hiligaynon na wika."*

Samantala, mariing hinikayat ni CP6 ang pagpapahalaga sa sariling wika nang kaniyang sabihin,

Conversation Partner 6(CP6)
*"Gamitin at ipagmalaki ang local na wika dahil ito ang ating pagkakakilanlan."*

Sinang-ayunan ito ni CP7 sa pagsasabing,

Conversation Partner 7(CP7)
*"Kapag ipinagdiriwang ang mga tradisyon, natural na nagagamit at naipapasa ang wika sa susunod na henerasyon."*

Idinagdag naman ni CP8 ang kahalagahan ng paggamit ng Hiligaynon sa iba't ibang gawaing pangkultura:

Conversation Partner 8(CP8)
*"Kon ginagamit naton ang Hiligaynon sa mga pista, ritwal, sugilanon kag mga panagtapok, napadayon naton ang paggamit sang aton pinulungan."*

Sa wakas, ipinahayag ni CP9 na ang mga tradisyong pasalita at pagtitipon ng komunidad ay mahalagang pagkakataon upang mapanatili ang lokal na wika:

Conversation Partner 9(CP9)
*"Ang mga sugilanon, awit, ritwal kag mga pagtililipon sa komunidad nagahatag sang oportunidad nga magamit kag mapadayon ang lokal nga pinulungan."*

Makikita sa mga pahayag ng mga kalahok ang magkakatulad na pananaw na ang mga tradisyong Bacolodnon ay may mahalagang ambag sa preserbasyon at patuloy na paggamit ng Wikang Hiligaynon. Ipinakita nina CP1, CP2, CP3, CP7, CP8, at CP9 na ang mga pista, ritwal, programa, sugilanon, awit, at iba pang pagtitipon ay nagsisilbing mga likas na pagkakataon upang gamitin ang Hiligaynon sa pang-araw-araw na komunikasyon. Samantala, binigyang-diin nina CP4, CP5, at CP6 na ang pagpapatuloy ng mga tradisyon ay mahalaga sa pagpapanatili ng buhay ng lokal na wika, sapagkat ang Hiligaynon ay hindi lamang isang kasangkapan sa komunikasyon kundi isang mahalagang bahagi ng kultura at pagkakakilanlan ng mga Bacolodnon.

Ipinahihiwatig ng mga natuklasang ito na ang pagpapanatili ng mga tradisyong Bacolodnon ay hindi maihihiwalay sa pagpapanatili ng Wikang Hiligaynon. Ang wika ay patuloy na nabubuhay sa pamamagitan ng aktuwal na paggamit nito sa mga pista, ritwal, mga tradisyong pasalita, at iba pang gawaing pangkomunidad. Sa ganitong paraan, ang mga tradisyon ay nagsisilbing mga linguistic domain kung saan ang Hiligaynon ay patuloy na ginagamit, napauunlad, at naipapasa sa mga nakababatang henerasyon. Higit pa rito, ang patuloy na paggamit ng wikang Hiligaynon sa mga gawaing pangkultura ay nagpapatibay sa pagkakakilanlang pangkultura ng mga Bacolodnon at nagsisilbing panangga laban sa unti-unting pagkawala ng mga lokal na wika sa harap ng globalisasyon at dominasyon ng mga mas malalaking wika.

Ang interpretasyong ito ay umaayon sa banyagang literatura nina Su (2023) at Yu et al. (2024) na nagsasabing ang mga tradisyong pangkultura ay nagsisilbing mahalagang konteksto sa pagpapanatili ng mga katutubong wika sapagkat sa mga gawaing pangkomunidad naisasabuhay ang natural na

paggamit ng wika. Binigyang-diin din nila na ang patuloy na paggamit ng lokal na wika sa mga gawaing pangkultura ay mahalagang salik sa pagpapanatili ng identidad ng isang pamayanan at sa matagumpay na intergenerational language transmission.

Sa lokal na konteksto, sinusuportahan ito nina Pilar (2024) at Zorc na kapwa nagbigay-diin na ang Wikang Hiligaynon ay mahalagang sisidlan ng kasaysayan, panitikan, at kulturang Kanlurang Visayas. Ipinakita rin sa mga lokal na literatura na ang paggamit ng Hiligaynon sa mga sugilanon, awit, ritwal, pista, at iba pang gawaing pangkomunidad ay nagiging daan upang mapanatili ang sigla ng lokal na wika at maipasa ito sa mga susunod na henerasyon. Ang mga natuklasan ng kasalukuyang pag-aaral ay nagpapatunay na ang mga tradisyong Bacolodnon ay may mahalagang papel sa patuloy na paggamit, preserbasyon, at pagpapahalaga sa Wikang Hiligaynon bilang mahalagang bahagi ng pagkakakilanlan ng mga Bacolodnon.

**Konklusyon**

Batay sa pag-aaral na isinagawa, natuklasan ang mga sumusunod;

Batay sa unang layunin, napatunayang ang mga tradisyong Bacolodnon ay nananatiling mahalagang saligan ng sosyo-kultural na pagkakakilanlan ng mga mamamayan. Ang mga ito ay nagsisilbing epektibong mekanismo sa paghubog ng mga pagpapahalagang panlipunan, pagpapatibay ng ugnayang pampamilya, pagpapalakas ng bayanihan, at pagpapanatili ng moral at espirituwal na kamalayan. Dahil dito, ang mga tradisyong Bacolodnon ay hindi lamang mga kaugaliang minana kundi mga buhay na institusyong nagpapatuloy sa paghubog ng kultura at identidad ng komunidad.

Batay sa ikalawang layunin, napatunayang ang lokal na kasaysayan, tradisyong pasalita, karanasan ng komunidad, at wikang Hiligaynon ay nagsisilbing mahalagang pundasyon sa pagpapaunlad ng lokal na panitikan. Ang panitikan ay nagiging higit na makabuluhan kapag ito ay nakaugat sa tunay na karanasan ng mga mamamayan at patuloy na naisasalin sa mga susunod na salinlahi sa pamamagitan ng edukasyon, publikasyon, at makabagong teknolohiya.

**Rekomendasyon**

Batay sa mga natuklasan at nabuong konklusyon ng pag-aaral hinggil sa "Sosyo-kultural na Pagsusuri ng mga Tradisyon: Batayan sa Pagpapaunlad ng Kulturang Panitikan, iminumungkahi ang mga sumusunod na rekomendasyon:

Sa mga pinuno ng mga paaralan at mga guro sa Lungsod ng Bacolod, mariing iminumungkahi na isama ang mga natuklasang tradisyon, kaugalian, at akdang pampanitikan ng mga Bacolodnon mula sa pagsusuri sa mga nilalaman ng kurikulum at kagamitang pampagtuturo upang maging mas makabuluhan, angkop, at nakaugat sa tunay na karanasan ng mga mag-aaral ang mga aralin sa asignaturang Filipino. Maaari ring isagawa ang iba't ibang gawaing pampanitikan tulad ng paligsahan sa pagkukuwento ng mga alamat ng Bacolod, pag-awit ng mga katutubong awitin sa wikang Hiligaynon, at pagsulat ng mga akdang nakasandal sa lokal na karunungan at kasaysayan ng lungsod, gayundin ang pagtatatag ng Lupon ng Sining at Panitikan sa bawat paaralan upang patuloy na mapayabong ang pagpapahalaga rito. Higit sa lahat, nararapat na paigtingin ang pakikipagtulungan sa mga opisyal ng barangay, mga matatanda, mga kinikilalang manunulat at alagad ng sining sa lungsod, maging sa mga samahang pangkultura tulad ng Dagyaw-Likha at iba pa, upang maging katuwang sa pagtuturo ng tunay na kahulugan at pinagmulan ng mga nasabing tradisyon sa mga kabataan.

Sa Pamahalaang Lungsod ng Bacolod, Sangguniang Panlungsod, City Tourism Office, City Cultural and Arts Council, DepEd, CHED, at iba pang mga institusyong pangkultura, iminumungkahi ang pagpapatibay ng mga programang magtataguyod sa pagpapaunlad ng lokal na panitikan at pagpapalaganap ng kulturang Bacolodnon sa pambansang konteksto. Maaaring isagawa ang sistematikong pagdodokumento ng mga lokal na kuwento, kasaysayan, at tradisyong pasalita; paglalathala ng mga akdang pampanitikan sa Hiligaynon at Filipino sa anyong limbag at digital; pagsasama ng panitikang Bacolodnon sa mga kagamitang pampagtuturo; at pagpapalawak ng mga programang pampanitikan tulad ng literary festivals, storytelling sessions, writers' workshops, at mga paligsahan sa malikhaing pagsulat. Mahalaga ring paigtingin ang paggamit ng mga digital na plataporma at social media upang higit na maipakilala ang kulturang Bacolodnon sa pambansang antas, kasabay ng patuloy na paggamit at pagpapayaman ng Wikang Hiligaynon bilang pangunahing daluyan ng lokal na panitikan at pagkakakilanlan ng mga Bacolodnon.Sa mga mag-aaral at kabataan ng Lungsod ng Bacolod, hinihikayat na palalimin ang kanilang pagkaunawa at pagpapahalaga sa mga tradisyon at panitikan ng kanilang sariling lungsod, at masigasig na ibahagi ang mga natutunan sa kanilang pamilya, kamag-anak, at mga kaibigan. Maaari rin nilang gamitin nang wasto ang iba't ibang plataporma ng komunikasyon upang maikalat ang halaga ng sariling kultura ng Bacolod, at lumikha ng sariling mga akda tulad ng tula, maikling kwento, dula, at iba pa na nakabatay sa mga natuklasan ng pag-aaral bilang tapat na pagpapakita ng pagmamahal at pagpapahalaga sa sariling pagkakakilanlan at pamana ng mga ninuno ng lungsod.

Sa mga susunod na mananaliksik, inirerekomenda na palawakin ang sakop at lawak ng pag-aaral sa iba't ibang distrito at barangay ng Lungsod ng Bacolod upang makita ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga kultura sa bawat bahagi ng lungsod at makabuo ng mas malawak at masusing pagkaunawa sa kabuuan ng panitikan at kultura ng mga Bacolodnon. Maaari ring suriin nang mas malalim ang ugnayan ng mga sinaunang tradisyon sa mga makabagong anyo at nilalaman ng panitikan sa lungsod upang matukoy kung paano ito nananatiling matibay na pundasyon ng pagkakakilanlan ng mga mamamayan ng Bacolod. Bukod pa rito, nararapat na pag-aralan ang mga umiiral na hamon dulot ng modernisasyon, mabilis na pag-unlad ng lungsod, at impluwensya ng ibang kultura na nakakaapekto sa pagpapanatili ng mga nasabing tradisyon upang makabuo ng mas angkop, praktikal, at epektibong mga hakbang para sa kanilang patuloy na pagpapanatili at pagpapaunlad.

## TALASANGGUNIAN

1. *Braun, V., & Clarke, V. (2022).* Thematic analysis: A practical guide. *SAGE Publications.*
2. *Casinto, C. D. (2022). Looking from a window: A critical analysis of the T'boli's worldview through their oral traditions.* International Journal of Language and Literary Studies, 4*(1), 282–304.*

3. *Ezema, I. J. (2025). Language preservation and oral traditions: Safeguarding indigenous knowledge in a globalized world.* International Journal of Language Studies.
4. *Harahap, S. M., & Hamka, H. (2023). Investigating the roles of philosophy, culture, language and Islam in Angkola's local wisdom of Dalihan Na Tolu.* HTS Teologiese Studies/Theological Studies, 79*(1).*
5. *Hasanah, I., Hefniy, H., & Zaini, A. W. (2023). Strengthening brand identity: Embracing local wisdom through character education management.* IJESS: International Journal of Education and Social Science, 2*(2).*
6. *Imbang, J., et al. (2025). Language, tradition, and identity: A systematic review of indigenous language preservation.* Journal of Language and Cultural Studies.
7. *Jamil, M., & Zubair, M. (2025). Collective memory, literature, and cultural identity: A systematic review.* Journal of Cultural Heritage Studies.
8. *Jarin, F. P. (2025). Leoncio P. Deriada: Ang inhinyero ng literatura ng kontemporanyong panitikan ng Kanlurang Visayas (1986–2019).* NRCP Research Journal, 24*(Special Issue), 55–73.*
9. *Li, X., et al. (2022). Social value creation through cultural participation: Implications for sustainable communities.* Sustainability.
10. *Pajarrianto, H., Pribadi, I., & Sari, P. (2022). Tolerance between religions through the role of local wisdom and religious moderation.* HTS Teologiese Studies/Theological Studies, 78*(4).*
11. *Pilar, J. G. A. (2024). Palalambiton (Utterances): Revitalization and preservation of Hiligaynon language.* Puissant: A Multidisciplinary Journal, 5*(1).*
12. *Zorc, R. D. (n.d.).* Hiligaynon: An overview of the language. *Summer Institute of Linguistics.*